# REMEMBER THIS

FILIPINO **WEEK 2**

## “Ako ang Makapangyarihang Hari”

## WARM-UP

- Ano ang isang produkto o tatak na palagi mong pinagkakatiwalaan at binibili? Ano ang naging karanasan mo sa produkto o tatak na ito?
- Naranasan mo na bang bumili ng isang bagay na gusto mo, subalit hindi pala iyon ang inaasahan mo? Ano ang nangyari?
- Mayroon bang taong nangakong gagawin ang isang bagay kasama mo subalit hindi nagawang tuparin ang kanyang sinabi? Ano ang naramdaman mo dahil dito?

## WORD

*“Susumpain ko ang mga mandaraya sa inyo, na nangakong maghahandog ng pinakamabuting hayop pero ang inihahandog naman ay ang may kapintasan. Susumpain ko siya dahil ako ang makapangyarihang hari na kinatatakutan ng mga bansa. Ako, ang Panginoong Makapangyarihan ang nagsasabi nito."*

**MALAKIAS 1:14**

Akala ng bayan ng Israel na hangga't naghahandog sila ng mga handog, dapat silang bigyan ng Diyos ng biyaya at pabor. Subalit, hindi tama ang nasa kanilang mga puso. Sira at may kapintasan ang kanilang mga handog, na nagpakita ng kanilang kawalan ng paggalang at pagpaparangal sa Diyos. Sinabihan ng Diyos ang Kanyang mga mamamayan na alalahanin kung sino Siya —ang *Makapangyarihang Hari*, at dapat bigyang halaga ang Kanyang pangalan. Siya ay higit sa lahat, at wala Siyang pagkakautang sa atin. Gayunpaman, kahit ang mga tao ay walang katapatan, nanatili Siyang tapat na Diyos.

## 1 Mga Taong Hindi Tapat

*[6]Sinabi ng Panginoong Makapangyarihan sa mga pari,
"Iginagalang ng anak ang kanyang ama at iginagalang ng
alipin ang kanyang amo. Pero bakit ako na inyong ama at
amo ay hindi ninyo iginagalang? Nilalapastangan ninyo ako.
Pero itinatanong pa ninyo, 'Paano ka namin nilalapastangan?'
[7]Nilalapastangan ninyo ako sa pamamagitan ng paghahandog
ng maruruming handog sa aking handugan. Pero itinatanong
pa ninyo, 'Paano naging marumi ang aming handog?' Naging
marumi ang inyong handog dahil sinasabi ninyo na walang
kabuluhan ang aking handugan."* **MALAKIAS 1:6,7**

Akala ng mga tao na bibigyan sila ng Diyos ng biyaya at pabor hangga't nagbibigay sila ng mga handog. Subalit, hindi tinatanggap ng Diyos ang kanilang mga handog dahil ginagawa lamang nila ito para masabing nagawa nila. Nakalimutan nila na ang *Panginoong Makapangyarihan* ay nararapat tumanggap ng karangalan dahil sa kung sino Siya. Paano pinararangalan ng anak ang kanyang ama? Paano natin dapat pinaparangalan ang Diyos sa ating mga buhay?

## 2 Ang Matapat na Diyos

*. . . "Ipapadala ko ang aking sugo para ihanda ang aking dadaanan. At ang Panginoon na inyong hinihintay ay biglang darating sa kanyang templo. Darating ang inyong pinakahihintay na sugo na magsasagawa ng aking kasunduan."*
**MALAKIAS 3:1**

(Basahin din **MALAKIAS 3:2-6.**)

Kahit pa tumalikod ang mga Israelita sa Kanya, ipinangako ng Diyos na patuloy Niya silang aabutin sa pamamagitan ng dalawang mensahero na maghahanda ng daan at upang manumbalik ang puso ng mga tao tungo sa Diyos. Ang una ay si Juan na Tagapagbawtismo, at ang ikalawa ay si Jesu Cristo (Lucas 1:76; Juan 14:6). Anuman ang ating gawin at hindi man tayo maging tapat, nananatiling tapat ang Diyos at gumawa Siya ng paraan upang maibalik tayo sa Kanya. Ano ang sinasabi sa Mga Taga-Roma 5:1 tungkol kay Jesu Cristo, ang pinakadakilang pagpapahayag ng dakilang pag-ibig at katapatan ng Diyos sa atin?

........................................

........................................

## APPLICATION

- Naniniwala ka ba na ang Diyos ay isang dakilang Hari na karapatdapat tumanggap ng parangal at pagpupuri mula sa atin? Paano ka tutugon sa katotohanang ito at paano mo ito maisasapamuhay araw-araw?
- Paano mo mapapalalim ang pagkaka-unawa mo sa katapatan ng Diyos sa iyong kasalukuyang sitwasyon? Paano mo maibabaling ang pansin mo sa Kanya mula ngayong linggo?
- Kanino mo maibabahagi ang kadakilaan ng Diyos at ang Kanyang pag-ibig sa pamamagitan ni Cristo? Ano ang sasabihin mo sa kanya?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagiging isang makapangyarihan at walang hanggang Hari at sa Kanyang katapatan sa iyo sa kabila ng hindi mo pagiging matapat sa Kanya. Ipanalangin na pag-ibig at pagsunod ang maging tugon mo sa Kanya.
- Hingin sa Diyos ang mas malawak na pagkaunawa sa kung sino Siya. Ipanalangin na maipakita Niya sa iyo kung gaano Siya katapat at kung gaano ka Niya tinutulungan.
- Ipanalangin na maihayag mo ngayong linggo sa isang kapamilya o kaibigan ang kadakilaan at katapatan ng Diyos.

## NOTES

VICTORY

© 2017 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph